# 1

Mala-ginto ang kulay ng kalawakan sa bahaging iyon ng kanluran na tinatanaw ni Astrid at nakakasilaw sa mata ang papalubog na araw.

Mula sa malayo, sa kanyang kinatatayuan ay halos dilaw rin ang bumabalot sa puting mga ulap. Kalat-kalat iyon at animo ipininta ng isang mahusay na pintor.

At mula sa isang magandang larawang tila pader na nakikita, ay natatanaw niya ang paglalayag ng mga bangka na naghahanda na sa pagsapit ng dilim sa asul na dagat.

Iisa ang larawang nakapagkit sa alaala niya ilang taon na ang nakaraan. The same cool, gentle, salty breeze na kay sarap langhapin.

At huminga si Astrid—malalim, tagos hanggang kaibuturan ng kanyang puso. Ngunit kung noon ang hangin ay tila naglilinis sa puso niya at naghahatid ng masarap na pakiramdam sa pandama, ngayon ay iba na.

She breathed deeply... only to feel the pain of memories.

Napakurap siya mula sa tinatanaw na paglubog ng araw. Bakit tila wala na ang kahali-halinang ganda at hiwaga nito na noon ay madalas niyang abangan at pagmasdan?

Mula sa kinatatayuan ay napabaling ang tingin niya sa kaliwa. And she smiled bitterly nang mapagmasdan ang nakabukas na ilaw ng parola. Hindi pa ganap na maliwanag dahil hindi pa kalat ang dilim.

Ilang sandali na lang at magmimistula na iyong malaking bituin na bumaba upang magsilbing gabay ng mga barkong dadaong sa di-kalayuang pier kapag gabi na.

Ah, ang parola. Hatid nito ay mga alaala…

*"Dito tayo magtatayo ng ating tahanan." Nagniningning ang mga matang iyon at nakangiti ang may-ari niyon, showing perfect set of white teeth. "Gagawin natin itong paraiso, ang kahabaan nito."*

*Itinuro nito ang mala-kristal na buhanging inaapakan nila habang ang banayad na paghalik ng alon sa paa nila ay tila yelong idinadampi sa balat nila sa sobrang lamig. "Magiging first-class resort for lovers ito."*

*Hinampas niya ito sa braso. "Lovers ka d'yan.*

*Bakit sa 'yo ba itong lupa, ha?"*

*"Ako lang ang tagapagmana ng lolo," saad nito habang marahang inihahakbang ang paa sa buhanginan. At bigla itong humarap sa dalagita; his eyes gleaming with hope and love… or so she thought. "Once we're married, this place will be mine," tila sigurado nitong turan.*

*She smiled. "Iniisip mo na 'yan? Hindi pa nga tayo graduate."*

*"So what, doon din tayo patungo, hindi ba?"*

*"Ang sabi ng mommy, we're still young. Marami pang maaaring mangyari."*

*Naramdaman niyang ginagap nito ang kamay niyang nasa baywang. He held it too tightly. Itinuro nito ang paglubog ng araw.*

*"See that? Habang nakikita mo 'yan, maaalala mo ang pangako ko that you're the only woman I'll ever love. And you will be the mother of my children." Itinaas nito ang magkasalikop nilang kamay patungo sa labi nito. The touch of his lips on her skin sent the warmest feeling through her heart and soul. "I swear. At ang parola, habang umiilaw 'yan, magpapaalala 'yan ng aking pangako…."*

*She laughed at his last sentence. "Paano pag napundi na 'yan?" pabiro niyang tanong.*

*Subalit nang titigan na siya nito, hindi na siya kumibo. She had always known na hindi maaaring mapundi o mawalan ng ilaw ang parola. Kung mangyari man iyon, sandali lang dahil agad iyong aayusin ng kinauukulan.*

Napatingala siya sa puting ibon na dumaan sa harapan niya. Inagaw niyon ang pagdaloy ng alaala.

Muli pa ay napatitig siya sa parola at napailing. Dinampot ang batong nasipa ng paa niya at ibinato sa tubig.

"Sinungaling." She let the word slip out at tinangay iyon ng hangin sa kawalan. At ang kahulugan niyon ay tila bulong na bumalik sa kanyang pandinig.

Bakit nga ba dinalaw niya ang lugar na ito? *Bakit hindi?* balik sagot din ng isip niya. Ito ang kanyang paraiso simula pagkabata. Simula noong matuto siyang magkampay ng mga kamay sa dagat hanggang sa kaya na niyang languyin ang mga alon kahit magsungit pa ang panahon.

Dito siya humabi ng mga pangarap, kasabay ng pagbuo ng kastilyong buhangin na maingat niyang

pinagpapala sa mga kamay hanggang sa ito ay unti-unting sirain ng tubig.

Maraming magagandang alaala. Noon sa tahimik at simple niyang buhay…

*FIVE YEARS AGO…*

"Do you mind if I join you?" anang isang baritonong tinig. Very masculine—strong yet gentle. Ang tinig na iyon ay tila hanging ibinulong sa tainga niyang may tubig pa, dahil kaaahon pa lamang ng ulo niya mula sa pagsisid. "I thought you've drowned or something..." saad pa nito.

Marahas na napalingon si Astrid and held her breath dahil halos kalahating dipa lamang ang layo ng lalaki sa kanya. Basa na rin ang ulo nito, and he was wiping his eyes with his hand.

Napaatras ang dalagita. Hindi niya kilala ang lalaki. With a frown on her forehead ay naglakbay ang paningin niya sa kabuuan ng mukha nito.

Ang may kahabaan nitong buhok ay tila sinuklay ng kamay patungo sa likuran, leaving a few strands partly hiding his eyes, which were like a deep-set, black fire gazing at her.

Bahagyang nakataas ang makapal at maitim nitong kilay… strong nose and thin lips na bahagyang nakangiti.

Nakangiti?

Mabilis na umakyat ang paningin ni Astrid sa mga mata nito; hiding her embarrassment.

“Well?” anito at tuluyan niyang nakita ang mapuputi at pantay nitong mga ngipin. “Passed or failed?”

“What?” balik-tanong niya sa mataray na tono. Subalit alam niya kung ano ang tinatanong nito, patungkol iyon sa pagsusuring ginawa niya sa hitsura nito.

Itinaas niya ang mukha at tinaasan ito ng kilay. Iniiwasan niyang tumingin sa matipunong dibdib nito.

*Astrid!* saway niya sa sarili at balewalang inihilamos ang kamay sa mukha to will away the strange idea that came to her mind. That was the first time she had done something like that—ang suriin ang isang lalaki nang harap-harapan.

Ibinagsak niya ang kamay sa tubig na naging dahilan ng pagtalsik niyon sa paligid niya.

"Hey," anang lalaki. Nakangiting umatras ito upang iiwas ang mata sa tubig-alat.

Subalit sa muli nitong pagtingin ay nakalampas na ang dalagita nang ilang hakbang.

"Wait! Nagalit ka ba?" habol nito. "I'm Jonathan... what's your name?"

Subalit hindi na lumingon ang babae. Tuluy-tuloy itong umahon sa tubig patungo sa dalampasigan.

Jonathan watched her every move, maging ang padabog nitong paghakbang. The young shapely body na humuhulma sa puti nitong t-shirt hanggang sa paglitaw ng mahahaba nitong binti na nakalabas dahil maiksi nitong puti ring shorts.

Napakurap ang lalaki nang makitang nagsusuot na ito ng tsinelas at dinampot ang puting tuwalya.

*White lady sa dagat...* napangiti nitong saad sa sarili. At mula sa di-kalayuan ay natanaw nitong humarap sa kanya ang di-nakikilalang babae. He waved his hand. "I'm Jonathan..." muli ay pakilala nito.

"Impertinente. Malunod ka sana." Ang mga salitang iyon ay para sa kawalan lamang dapat. Ewan ba ni Astrid at napalakas ang boses niya at

alam niyang nakaabot sa pandinig ng lalaki dahil lalo itong ngumiti.

She hated his smile. Mapanlinlang iyon… mapanghalina.

Mapanghalina?Ah, bakit ba naiinis siya?

Saan ba nanggagaling ang mga naiisip niya?

Mabilis siyang tumalikod at humakbang paalis… palayo sa dagat. Palubog na noon ang araw.

MULA SA LIKURAN ay naramdaman niya ang pagdikit ng matalik niyang kaibigan sa kanya. Si Kelly.

"Astrid," bulong nito. "Narinig mo na ba ang usap-usapan sa buong campus?"

Bahagya siyang lumingon dito. "Hindi pa…"

Natawa ang babae bago muling nagsalita. "Oh, I forgot. Lagi ka nga palang huli sa tsismis." At tuluyan na itong umupo sa katapat niyang silya. "Forget that book for a while, friend," tukoy nito sa Economics book na kasalukuyan niyang binabasa. "May talk of the day—or probably talk of the month na."

"Ano ba 'yon?" inip niyang tugon.

Kelly smiled dreamingly at nangalumbaba sa harap niya. "I wish I'll get to meet him..."

"Him?" Kumunot ang noo ni Astrid.

"Yes, my friend. May bagong transferee na dumating mula pa sa Maynila. And according sa kalat na balita, ang lalaki—take note guy, not gay ay..." idinikit nito sa kanya ang mukha at bumulong, "makalaglag-panty."

Pinandilatan niya ng mga mata ang kaibigan. "Shh!"

"Sabi nila, he's tall, fair and incredibly... handsome," kinikilig pa nitong dugtong.

Dinampot muli ni Astrid ang libro at binuklat. "Marami nang guwapo dito sa school."

"But he's different," giit nito.

"Kasi nga bago."

"Ay, killjoy ka talaga, friend. Palibhasa iyang libro lang ang hilig mo—formula, problem-solving, essay-writing. Hay, ewan ko sa 'yo." Umalis ito sa harap niya upang magtungo sa kulumpon ng ilan nilang kaklase.

Astrid smiled habang binubuklat ang aklat

sa pahinang iniwan niya kanina. Subalit mali ang kaibigan nang sabihin nitong puro sa pag-aaral lang ang interes niya. Dahil wala sa binabasa ang isip niya ngayon.

Her mind was filled with images of him—the beautiful stranger with a devil's smile. He stole her good sleep... and her dreams at night.

For two days, she lay in bed watching the ceiling. Her mind wandered... she was haunted by the man in trunks.

Sa mga gabing iyon, nagdasal siya nang taimtim na sana ay ilayo siya sa tukso.

Ah, tukso ba iyon? O malisyosa lang siya dahil kung anu-ano ang itinatahi ng kanyang imahinasyon matapos itong makita?

Ah, basta! Hindi niya maipaliwanag.

Gayunpaman, sa kabila ng kalituhan, a smile was formed in her lips.

"NAKITA ko na s'ya, friend," salubong ni Kelly kay Astrid nang hapong iyon matapos ang klase. "Ang guwapo nga talaga!" Bakas sa tinig nito ang paghanga para sa lalaking sinasabi.

Kunwa ay napaismid siya sa kaibigang mabilis na humakbang upang makaagapay sa paglalakad niya. “Ikaw talaga. Lahat naman ng lalaki sa ’yo, eh, guwapo,” turan niya at bahagyang tinanguan ang guwardyang bumati sa kanila. Palabas na sila noon ng campus.

“Sobra ka.” Umirap din ito sa kanya. “Si Lloyd, I don’t find him handsome na.”

“Eh, kasi nabasted ka…” tugon niya at bahagya itong sinulyapan.

They both laughed na ikinalingon ng iba nilang kasabay.

Hindi na nila kailangang magsalita upang balikan ang kabaliwan ng kaibigan. Nagpadala ito ng liham sa lalaki, confessing her feelings for him.

But she was turned down.

“Akala mo kung sino. Hindi daw papayag ang mommy niya na mag-girlfriend na siya. Baliw. Eh, mukha namang butiking palaka. Napakarami pang pimples…” sabi pa nito bagaman halatang masama pa ang loob hanggang ngayon.

Astrid smiled. She knew it was her friend’s first heartache. Iniyakan talaga nito ang nangyari.

"Sasama ka ba sa akin bukas?" pag-iiba niya ng usapan.

"Saan?"

"Tomorrow is Saturday, remember?" paalala niya sa usapan nilang pagsu-swimming.

"Ay, oo nga. But sorry, friend. Hindi pa tuluyang naaalis 'yong sunburn ko n'ong nakaraan." Ipinakita nito ang braso sa dalagita. "Baka mapagalitan ako ng mommy."

Natawa siya. "Ang sabihin mo, ayaw mo talagang maligo. Ang dami pang dahilan."

"Next time na lang."

"Okay, next time." She smiled. "Sayang. I won't be able to share with you my.... " hindi na niya tinapos ang sasabihin.

"What?" anito at agad na bumaling palingon sa kanya.

"May nasabi ba ako?"

"You're keeping a secret, my friend. Madaya ka," ingos nito.

"Punta ka sa bahay bukas..."

Agad itong tumalikod sa kanya. “Ah, alam ko na. Gusto mo lang akong lumangoy para may kasama ka. Wala ka talagang secret. ’Bye... ingat,” saad nito at kumaway nang nakatalikod. Papasok na ito sa gate ng bahay nito.

Samantalang siya ay maglalakad pa patungo sa kanila. Medyo may kalayuan din ang tahanan nila sa school campus subalit kaya namang lakarin na lang.

“Ikaw din,” pahabol niya. Ngunit hindi na lumingon ang kaibigan.

Kung alam lang nito ang totoo…

# 2

“Tapos mo na ba ang assignments mo?” untag ng ina ni Astrid nang makitang papalabas na siya ng silid niya.

Napagbihis na siya ng itim na shorts at puting pang-itaas. May nakasabit na tuwalya sa balikat ng dalagita.

“Yes, Mom,” tugon niya habang pinapalitan ang suot na tsinelas.

Nakita niyang inilapag ng ina ang hawak na ballpen sa tabi ng calculator nito at mataman siyang pinagmasdan. May nakaguhit na ngiti sa labi nito.

Lumapit siya rito nang nakataas ang kilay. “Why?”

Napailing ang ginang bago siya hinapit sa baywang palapit dito.

“Maganda at sexy ang dalaga ko. Mag-ingat ka sa paliligo, ha. Huwag gaanong magpaabot ng dilim sa dagat. Iilan na lang ang nagagawi d’on sa lugar mo,” paalala nito habang yumuyuko siya upang humalik.

"Don't worry, Mom. Alam na nilang akin 'yong lugar na 'yon. And besides kilala na ako ng mga tagarito sa atin. I grew up here, di ba." She smiled at her mother. "'Bye."

"Ingat ka, ha."

"I will." At mabilis na siyang bumaba.

Ilang sandali lang ay narating na niya ang dalampasigan. Saglit siyang huminto sa ilalim ng puno ng agoo at nagmasid sa paligid.

Wala siyang makitang anuman, maliban sa ilang batang naliligo rin sa may kalayuan.

Lumalamig na ang hangin. Papalubog na ang araw kasabay ng low tide kaya malapad ang buhanging nakalatag. Isinabit niya ang tuwalya sa isang sanga ng puno at hinubad ang suot na tsinelas.

Medyo mainit pa ang buhangin subalit masarap iyon sa pakiramdam. Humakbang siya at mayamaya pa ay tumakbo patungo sa tubig. Inililipad ng hangin ang may kahabaan niyang buhok. Tumakbo siya kasabay ng pagtalsikan ng tubig-dagat na bumabasa sa kanya.

Ah, kaysarap ng pakiramdam ng tubig sa kanyang katawan. Umikut-ikot siyang minsan na

tila nilalaro ang mga kamay at paa sa tubig.

Then, she stopped and drew her breath at hinayaang bumagsak ang katawan sa tubig-dagat. Naglunoy siya sa ilalim at inilitaw lamang ang ulo nang kinailangan na niyang huminga.

Matapos huminga nang malalim ay muli siyang sumisid; ikinampay ang mga kamay at paa.

"Hay…" she sighed. Malayang-malaya siya sa kanyang mundo. Hinayaan niyang muli siyang lumutang. Nag-floating siya habang nakapikit ang mga mata.

Tahimik ang dagat. Wala siyang ibang naririnig maliban sa malayong tinig ng mga bata at ang mahinang tunog ng payapang alon ng dagat. Walang ingay ng paparating o paalis na barko sa di-kalayuang pier.

Makalipas ang ilang sandali ay umahon siya sa tubig at bumalik sa dalampasigan. Marahan siyang umupo sa buhangin at iniunat ang dalawang binti na naaabot ng tila paghalik ng paroo't paritong banayad na alon.

Mayamaya ay ibinagsak niya ang katawan pahiga at pinagmasdan ang mga ulap at ang ilang ibong tila sumasayaw sa mabining hangin.

Sana kasama niya si Kelly upang maramdaman din nito ang katahimikan at kasiyahang nadarama niya. Subalit kapag kasama niya ang kaibigan, lagi naman itong nagmamadaling makauwi.

*"Seawater can dry your hair and skin, friend,"* lagi nitong paalala na nginingitian lamang niya.

She loved the water at ang malinis na hanging hinihinga niya, maging ang mga alon na humahalik sa paa niya.

Napapikit si Astrid at inilagay ang dalawang kamay sa tagiliran. Inilubog ito sa buhangin. Then, she breathed the familiar scent that passed through her. Malayo iyon sa bango ng maalat na hangin. Ngunit agad ding nawala bago pa man niya maisipang bumangon.

Itinuon na lamang niya ang isip sa sinabi ng daddy niya minsan.

*"Dalaga ka na, princess. Iwasan mo na ang madalas na paglunoy sa dagat at baka..."*

*"Baka ano, Dad?" tanong niya sa nakangiting mga mata ng ama habang pinagmamasdan siyang umahon.*

*"Baka ligawan ka ng syokoy," tudyo nito.*

*"Si Daddy, nagpapatawa." Dumakot siya ng tubig-dagat sa dalawang kamay at isinaboy rito. Ngunit hindi tumakbo ang kanyang ama. Lumapit pa ito kahit patuloy ang pagsaboy niya.*

*Hinuli nito ang kanyang mga kamay. And in an instant, ay karga na siya nito.*

*"Daddy!" tili niya habang tawa nang tawa ang nakamasid niyang ina. "Put me down, mabigat ako."*

*"Noong baby ka pa, minsan lang kitang makarga because everytime I come home, palaki ka nang palaki, princess. And you hated being in my arms," natatawang anito, "Mas gusto mo pa ang dala kong chocolates..."*

*Nakabase sa Maynila at tatlong beses isang buwan lamang kung umuwi ito ng Sta. Monica. Gayunpaman, nanatili ang closeness ng kanilang pamilya.*

*She reached up and touched his face. "I love you, Dad."*

*And she saw the misty eyes of her father bago siya nito ibinaba at hinalikan sa noo. "'Love you, my princess." saad nito.*

*She leaned on his chest and smelled that scent na sa ama lang niya naamoy—fresh, clean and very*

*masculine.*

At parang naroon lang ang daddy niya sa malapit. Papalapit sa kanya, dala ang panghapong hangin.

She held her breath for the scent that touched her to the very core. Ibinukas niya ang mga mata at agad na napabaling sa tagiliran niya nang may mahagip ang paningin. Gulat siyang napatingin dito.

“Napakagandang ngiti para sa isang alaala...” anito. Nakaupo ito sa buhangin at nakatunghay sa kanya ang malalim nitong mga mata.

It was him! Ang lalaking hindi na naalis sa isip niya.

Agad siyang napabalikwas pabangon. “Ikaw na naman!” she hissed. “My god...” Subalit ang pabiglang galaw ng dalawang kamay ay naging dahilan upang sumaboy sa mukha niya ang buhangin. “Look at what you have done...” inis niyang asik habang itinatayo ang sarili nang nakapikit. “Nalagyan ng buhangin ang mukha ko. Bakit ba nandito ka na naman at ginulat mo pa ako?” Agad na tumayo ang lalaki at parang hindi malaman ang gagawin.

“Sorry. Sorry talaga. I went here when I saw you.” Hinawakan nito ang kamay niya. “Come, doon

tayo sa tubig."

Walang nagawa si Astrid nang igiya siya ni Jonathan patungo sa tubig.

"I'm sorry, ha. I just wanted to say 'hi' kanina, kaya lang nakita kong nakapikit ka. I thought you're having day dreams."

Naramdaman na niya ang tubig sa binti. "At sino naman ang may sabi sa 'yong panoorin ako?" singhal niya at binawi ang kamay na pakiramdam niya ay dinadaluyan ng kakaibang init na hindi niya mawari. Agad siyang umupo sa tubig at ibinaba ang kamay upang matanggal ang buhangin. At naramdaman na lamang niya ang pagbuhos ng tubig sa mukha niya at kasunod niyon ang paghaplos ng isang palad.

"Hey, ano ka—"

"Let me," anito at hinilamusan pa siyang muli. Ngunit ang pangatlong paghaplos nito ay di na naituloy dahil tinabig niya ang braso nito at siya na ang yumuko at kusang naghilamos sa sarili. Nang wala nang buhangin sa mukha niya ay agad siyang napatuwid ng tayo upang sitahin ito.

"I'm so sorry…" agad nitong saad. And to her surprise, lumuhod pa ito sa tubig na umabot sa baywang nito. "When I saw you smiling, I couldn't

help wondering what memories could make you smile in such a way—so beautiful… captivating." His eyes were pleading for forgiveness.

Napakurap siya at ang tanging nasabi ay, "Nakakainis ka na, ah." She walked away; mabilis at padabog.

"Gusto ko lang naman ng kasama…." pahabol nito.

"Hintayin mo ang paglabas ng syokoy," tugon ni Astrid nang hindi lumilingon. Naiinis talaga siya rito at sa sarili. Bakit ganoon, galit siya subalit wala siyang masabi?

"Your name, please."

Lalo lamang siyang naasar. Nang-iinis talaga ang loko-lokong ito ah. "Sirena!" pasigaw niyang tugon.

Napangiti si Jonathan at napakamot sa ulo. Hindi naman talaga niya intensyong panoorin ang babae nang hindi nito nalalaman. Subalit nang makita niyang nakapikit ito ay napaupo siya sa tabi nito. And her smile, it was something that made him stare in wonder. Nakangiti itong parang isang sanggol na nilalaro ng angel nito. She was a mesmerizing sight.

NAGULAT pa si Mrs. Villamayor nang makitang papasok na ang nag-iisang anak sa bahay nila at tinutunton nito ang daan patungo sa likurang bahagi ng bahay. Hindi maipinta ang mukha ng dalagita.

“Napaaga ka yata,” bati ng ginang.

Lumingon si Astrid. “Paano may demonyo sa nililiguan ko.”

Natawa ang ina nang makita ang mahabang nguso ng anak. “Bakit kaya, eh, takot ang demonyo sa dagat. Sa maiinit ’yon nabubuhay,” biro nito.

“Si Mommy…”

“O, siya. Bilisan mo nang magbanlaw, maaga tayong matutulog dahil may simba bukas.”

“Dadalaw tayo sa Lolo?”

“Oo, pagkagaling sa simbahan,” tugon ng ina.

MARAHAN niyang ibinukas ang salaming bintana at inilabas ang dalawang kamay. Napatingala siya sa madilim na langit habang isinasahod ang palad sa ilang patak ng ulan.

Malamig ang tubig na nasa palad ni Astrid na marahang idinampi sa braso. It was Monday morning

at maagang bumati ang ulan. Binabasa ang lupang ilang araw na ring hindi nadiligan ng tubig.

Natitiyak niya, marami na naman ang stranded na estudyante sa daan. Iyong manggagaling pa sa kabilang baranggay, kasama na rin iyong mga nasa malapit lang.

Malaking payong ang dala niya nang lumabas ng bahay. Gaya ng inaasahan niya, marami na ngang estudyante ang nasa waiting shed sa bukana ng school campus. Naghihintay na tumila ang ulan o kaya ay makakita ng kakilalang may masusukubang payong.

Walang tumawag sa kanya sa mga estudyanteng naroon.  Marahil wala siyang kaklaseng nakasilong o walang nakakita sa mukha niyang natatakpan ng payong na dala niya.

Ngunit ilang hakbang lamang nang lumampas siya, isang pares ng nagmamadaling paa ang naglakas-loob na humabol sa kanya.

"I'm late to my first subject, pasukob please," anang isang tinig. Pamilyar iyon subalit hindi niya maalala kung kailan at saan niya narinig.

Itinaas niya nang bahagya ang kamay nang sumilong ito sa payong niya. He was probably a foot

taller than her dahil natiyak niyang bumangga ang ulo nito sa payong.

Hindi niya alam kung bakit may kakaiba siyang naramdaman. Bumilis ang tibok ng puso niya dahil sa pamilyar na tinig at… samyo.

“P’wedeng ako na ang humawak ng payong?” he asked while his hand reached for the handle. And their hands touched.

It was just a gentle brushing of their skin that lasted for not more than two seconds. But it seemed her skin pricked for the heat that touched hers.

A familiar touch.

A familiar scent.

A familiar voice.

# 3

Agad napatingin si Astrid sa lalaking kasabay at tamang-tama ring tumingin ito sa kanya.

"Ikaw na naman!" bulalas niya.

"You?" gulat din nitong saad.

Hindi alam ng dalagita kung bakit lalong lumakas ang buhos ng ulan, kasabay ng abnormal na tibok ng puso niya.

"I'm sorry again. Hindi ko alam na ikaw uli." His breath, warm and mint-scented, touched her earlobe like a gush of wind.

Napaingos si Astrid. "May magagawa pa ba ako? Alangan namang ibalik pa kita sa waiting shed," masungit na saad niya at sinulyapan ito.

He smiled at her. "Thanks, ah."

She held her breath. Ang guwapo naman ng loko at ang bango. And his lips, parang may lipstick sa pula.

"I'm Jonathan Montañez. Fourth year transferee, ikaw?" narinig niyang saad nito. Their shoulders

rubbed once in a while habang ang mga binti ay paminsan-minsan ding nagbabangga sa pagsisiksik dahil sa lakas ng ulan. "It's not true that your name is Sirena, right?"

Subalit hindi na nagkaroon ng pagkakataon si Astrid na tumugon. Naroon na pala sila sa college department at ganoon na lang ang pagkagulat niya nang halos sabay-sabay na maghiyawan ang mga naroon sa first and second floors ng building.

At habang papalapit siya ay lalong lumakas ang tudyuan na ipinagtaka niya.

She glanced up. Sa kanila nakatingin ang lahat at ang ibang kasabay nila ay napapalingon din sa kanila at napangiti.

*What's wrong?* tanong niya sa sarili.

Napatingin si Astrid sa lalaki na nagkibit-balikat lamang. "Don't mind them," bulong nito at bahagya pang ngumiti sa kanya.

"What a great way to start a Monday," sarkastiko niyang saad; hindi dahil sa tudyo ng mga estudyante kung hindi sa mapanghalinang ngiti ng katabi.

Subalit lalo lamang nadoble ang kunot sa noo niya nang malapit na sila sa high school department.

May pumapalakpak, may sumisipol. Ang ibang nakatingin lang ay nakipalakpak na rin. And to Astrid's surprise, kasama ang best friend niyang si Kelly sa mga nakadungaw at nakikipalakpak sa kanila.

Naunang lumabas ng payong si Astrid nang nasa pintuan na sila ng pasilyong nag-uugnay sa kani-kanilang room.

"Thank you, ah." Si Jonathan matapos itiklop ang payong at iabot sa kanya. Naroon sa mga labi nito ang tipid na ngiti. At bahagyang bumilis pa ang tibok ng puso niya nang mapansin ang mataman nitong pagtingin sa mukha niya.

Bakit nga ba niya ito sinisimangutan? Wala naman sigurong masama kung ngumiti siya. Ngumiti nga siya bago tumalikod dito.

"I'm Astrid Villamayor," she said almost in a whisper and turned to walk away.

"Astrid," he repeated almost to himself, subalit narinig pa iyon ng dalagita. Ngunit hindi na siya lumingon dahil sa dami ng mga matang nakatingin sa kanila.

Jonathan stared long at her back bago ito pumihit na parang wala sa sarili. Pumasok ito ng

silid na parang walang nakikita.

"Hey," untag ni Jeff. Ito ang una niyang naging kaibigan mula noong dumating siya sa Sta. Monica. Tinapik siya nito sa balikat. "Ang galing mong pumili, ah." Kinunotan niya ito ng noo. "Maraming may gustong manligaw d'on. But that girl is a snub and she's intimidating. Beauty and brains kasi."

"Do you mean Astrid?"

"At inalam mo na agad ang pangalan, ah..." naiiling nitong sabi bago humarap sa pisara. Pumasok na ang teacher nila sa unang subject.

Siniko ni Jonathan ang kaibigan. "Noon ko pa siya nakita."

Subalit ang tanong ng katabi niya ay di na isinatinig. Isinulat na lamang ito sa maliit na papel. At doon din nagsulat ng sagot ang binata.

"TALL, FAIR and handsome, plus the winsome and devilish smile. Siya 'yon, friend. Ang tinutukoy ko sa 'yo na pinag-uusapan dito sa buong campus," excited na ani Kelly. Abot-tainga ang ngiti nito sa kanya.

"Siya ba 'yon?" kunwa ay bale-walang tugon ni

Astrid habang inilalabas ang notebook at ballpen.

"You're so lucky. Maraming girls dito sa school ang nag-e-exert ng effort to get his attention."

"And?" napapangiti niyang tugon.

"And I'm one of them," amin nito na nakangiti at saka siya kinurot nang pino sa braso. "Nakakainggit ka."

"Magdasal ka para bukas—"

"Ano?"

"—umulan ulit," natatawa niyang dugtong.

"Nakakainis ka. Ayoko ngang umulan, ano. Nasisira ang porma ko."

At saka nito naalalang ipagpag ang medyo basang palda at natalsikang sapatos. Ngunit agad din itong umupo nang tuwid at napatingin kay Astrid. Naglalaro ang mga mata nito at isip.

"But you know, friend. You look good together. You're such a perfect pair," anito na parang pinag-aaralan ang pisikal na anyo ng kaibigan. Tumayo at masayang napangiti. "Sa tingin ko, he's your match, Astrid. The missing piece..." tudyo nito na sinabayan din ng ilan pa nilang kaklaseng nakarinig ng sinabi

nito.

She tried to hide whatever emotion she was feeling at the moment. Kunwari ay hindi siya interesado… hindi apektado. But deep inside, she was so happy and proud?

For what?

Ah, hindi niya alam. Ang alam ni Astrid ay masaya siya sa kung anumang bagay. Bago ito sa kanyang damdamin na hindi niya alam kung saan nagmula at kung bakit niya nararamdaman.

Doon nagsimula ang lahat. Sa isang maulang umaga, mga nanunudyong ngiti at sulyap sa tuwing malapit sila sa isa't isa. Mga tuksong lihim na ikinasasaya ni Astrid, ikinukubli sa pamamagitan ng simpleng ngiti.

Alam niya, may mga babaeng hindi ikinubli ang pagkainis sa kanya sa tuwing magkakasalubong sila ng lalaki at babatiin siya nito, giving her the sweetest smile she had ever seen. A smile that bore mysteries. Sa palagay niya, bunga lang iyon ng kanyang imahinasyon. Binibigyan niya masyado ng kahulugan ang inaakto nito. Katulad ng isang munting card na ipinadala nito ilang araw matapos ang maulang umagang iyon.

Wala namang kakaiba sa card bukod sa, *'I thank the rain for I was able to share a beautiful morning with you… I thank you for finally letting me know your name.'* Subalit ilang beses din niyang binasa ang mga katagang iyon. Paulit-ulit sa bawat gabi bago siya matulog.

At sa unang pagkakataon, she kept it all to herself. Wala siyang pinagsabihan tungkol doon. Itinago rin niya, kasama ng mga bagay na mahalaga sa kanya.

Ang sabi-sabi, maramot daw ang mga labi ni Jonathan. Hindi ito basta-basta ngumingiti kung kanino lang. That he was serious and too matured for his age. That he was a puzzle every girl in campus wanted to solve.

Maraming may nais na tuklasin ang pagiging tahimik nito at hindi iyon nakaligtas sa pandinig ni Astrid. She had doubted it all.

Dahil kapag may pagkakataon at magkukrus ang landas nila, bago pa man niya ilayo ang tingin, alam niyang ngumiti na ito. Na sinusuklian lang niya ng pormal na tingin—na matagal niyang pinag-aaralang gawin upang walang makabatid sa anumang emosyong nakatago sa ilalim niyon.

Kunwari ay hindi siya kinikilig katulad ng iba. Ngunit alam niyang ang mga ngiti ng binata ang nagpipinta rin ng ngiti sa kanyang labi… sa kanyang pag-iisa o sa paglalakbay ng diwa ng mura niyang damdamin.

Ang ngiting iyon ang dahilan kung bakit maaga pa ay gising na siya kapag araw na may pasok. Kung bakit para siyang may pakpak kung gumalaw—mabilis at magaan. Sa tuwina ay napapangiti at napapailing ang mama niya sa kanyang mga awit—mga awit ng pag-ibig ng murang puso na kasalukuyang lumilipad sa kawalan.

Ngunit isang umaga, matapos ang magdamag na ulan at muling sumikat ang araw. Nagmamadali ang bawat hakbang niya. Kailangang maaga siya dahil may exam siya sa first subject at sa ilan pang asignaturang susunod.

Bahagya lamang niyang narinig ang ugong ng isang sasakyang paparating. Saglit na nagtilian ang mga nasa daan, kasabay rin doon ang sigaw ni Astrid nang sumaboy sa mukha at buhok niya ang tubig-ulan na nasa kalsada.

"What the hell!" bulalas niya nang maramdaman ang pagdaloy ng malamig na tubig sa mukha niya. Agad niyang pinunasan iyon ng kamay.

She looked down at herself at napabuntong-hininga siya sa pag-ahon ng galit sa dibdib. Mukha na siyang basang sisiw. Sa sulok ng mga mata niya ay nakita niya ang isang pares ng paang nagmamadaling lumapit sa kanya.

Nauuna ito sa iba pang patungo sa gawi niya.

"I'm so sorry. I didn't mean it," anang tinig na papalapit na. Marahas siyang napabaling ng tingin dito. And to her dismay, ang naroon ay nagpapaunawang malalalim na matang nagulat din nang makita ang mukha niya. "Astrid! I'm—"

"Sorry?" singhal niya na ikinagitla nito, "Sorry? Ang lapad-lapad ng kalsada, hindi mo ba nakikita? Maliwanag din ang paligid kaya imposibleng hindi mo nakita ang tubig. You could have slowed down at iwasan 'yon." Pasigaw na siyang magsalita dahil hindi na niya makontrol ang galit at pagkapahiya. "Ang yabang mo kasi."

She eyed him with hatred in her eyes. At saka siya padabog na tumalikod pabalik. Parang gusto niyang umiyak sa galit—sa pagkapahiya sa mga tao sa paligid, sa pagkapahiya dahil nakita siya ni Jonathan sa ganoong hitsura... at inis sa sarili dahil sa ginawa niyang pagsigaw rito.

Ah, parang gusto niyang lumipad palayo at maglaho na lang sa kawalan. O kaya ay magising mula sa isang pangit na panaginip.

She felt disappointed at herself, sa nakita niyang pamumula ng mukha nito sa ginawa niyang panininghal at pagsigaw rito sa harap ng maraming tao.

"He deserved it," bulong niya sa sarili matapos sumakay sa kinawayang tricycle. Subalit nang malapit na siya sa bahay nila, medyo nagsisi na siya sa ikinilos niya.

Kung wala lang sanang exam, hindi na siya babalik ng school nang araw na iyon.

Ngunit bago matapos ang maghapon, isang card muli ang natanggap niya, kasama ng isang pulang rosas.

> *I'm really sorry for ruining your day. Pasensya ka na kung wala na akong ibang sinabi bukod sa 'sorry' everytime our paths crossed.*
>
> *Forgive me, please.*

Walang pangalan kung kanino nanggaling ang card. Subalit alam niyang mula iyon kay Jonathan. Malungkot niyang inipit ang card sa libro at itinago ang rosas sa bag matapos iyong amuyin.

Nang lingunin niya si Kelly, natagpuan niyang nakatingin lamang ito sa kanya.

"Alam ko magkukuwento ka rin sa akin, kung bakit malungkot ka kanina pa. At kung bakit may card and rose na dumating," bulong nito.

Mapait siyang napangiti.

WALA NA ang ngiting lihim na dumuduyan sa kanya. Wala na ang tila nangungusap na mga mata. Hindi na rin niya ito nakikitang naglalakad sa quadrangle tuwing umaga o hapon kapag uwian na.

Tila isa itong hanging dumaan lamang sa kanya, nagparamdam at nawala. Nanghihinayang ba si Astrid?

Hindi, sabi ng isip niya. Subalit bakit lihim siyang nagmamasid... umaasa.

Ilang beses na bang may nangyaring bigla siyang napapalingon dahil akala niya ay ang binata na iyong nakita niya. Ilang beses na ba siyang

kinabahan when she thought he was around after she had smelled his familiar scent… only to find out it was not him.

Hanggang isang araw ay nagkatagpo sila. Papasok siya ng library at palabas naman ang lalaki. Kapwa sila natigilan, subalit saglit lang.

Agad na nakabawi si Jonathan at nagpatuloy sa paghakbang kasama ng mga kaibigan nito.

She met his gaze. Naisip niyang ngumiti at ganoon na nga ang gagawin niya, nang bigla naman itong nag-iwas ng tingin. Nakaramdam siya ng pamumula ng mukha dahil sa pagkapahiya sa sarili. Subalit agad din siyang nakapagbaba ng tingin to hide those seemingly burning cheeks in shame.

Ilang kasamahan nito ang bumati sa kanya bago pa siya lumampas at makapasok sa library. Subalit nang maupo na siya at magsimulang magbasa, her mind went back to him. Napabuntong-hininga siya at nangalumbaba sa librong nasa harapan.

*Ano naman ngayon? Sino ba siya?*

Subalit hindi naman niya masagot ang sariling tanong. Isa lang ang naramdaman niya—may nabago… may kulang.

Simula noon tuwing magkikita sila, parang hindi sila nagkakilala minsan man. Hindi na rin naliligo sa dagat si Astrid tulad ng kinagawian niya.

"It's just that I'm not enjoying it anymore, Mom," katuwiran niya sa ina nang minsang magtanong ito. "At saka tama po kayo, masyado na po akong tan. I want my skin a little bit lighter," paliwanag pa niya na lihim na ikinangiti ng ina.

"May kinalaman ba ang demonyo sa dagat?" bale-walang tanong nito.

"Si Jonathan?" nabigla niyang tugon.

"Oh!" Lalong lumawak ang ngiti sa mga labi ng ginang. "And the devil has a name, ah. Guwapo ba, anak?"

"O-opo. Pero hindi ko... mayabang po 'yon, Mom. Palibhasa galing Maynila."

Napatango lamang ito sa sinabi ni Astrid. Ngayon ay alam na nito kung bakit malungkot recently ang anak. Wala na ang awit na madalas niyang kantahin.

Dalaga na nga si Astrid.

# 4

Minsan pa ay napakurap si Astrid nang mapagmasdan ang sariling repleksyon sa malaking salamin sa living room nila.

"Oo, ikaw 'yan..." nakangiting saad ng gay beautician na kinuha pa ng ina mula sa kilalang salon ng Sta. Monica para mag-ayos sa kanya. "You'll be the envy of every girl in *Sta. Monica Academy* tonight..."

"Tama ka, Sussie." Si Mrs Villamayor na may tangang pineapple juice at iniabot sa lalaking babaeng-babae kung tingnan. "My princess is surely the most beautiful lady tonight," may pagmamalaki nitong turan habang sinisipat ang kabuuan ng nag-iisang anak na a-attend ng prom ngayong gabi. "How about putting a little smile on your lips, sweetheart."

"Mommy talaga..."

"Oo nga. Pinakamaganda ka sa lahat lalo na kapag ngumiti ka pa..." susog din ng binabae habang nag-a-apply ng final touches sa buhok niya.

Siya rin ay hindi makapaniwalang sarili ang nakikita niya sa salamin. Wala na ang dalagitang

palaging laman ng karagatan.

For just a couple of months, her complexion became visibly lighter na ngayon ay nakahantad sa suot niyang pink backless gown that hugged her waist tightly, showing the young curves of her body.

Ang tanging hindi nabago ay ang kanyang buhok. She left it hanging loose at her back making her look young yet ladylike.

But there was something missing in her na hindi niya mahanap at hindi niya matukoy kung ano.

NAGTITILI si Kelly palapit sa *L-300* van na huminto di-kalayuan sa celestial park ng school na pinagtatambayan na ng mga estudyanteng kasali sa okasyon.

Kilala nito ang sasakyang iyon dahil ilang beses na rin itong lumulan doon. Mabilis itong lumapit, hindi alintana ang taas ng heels ng suot na sapatos. Subalit bago pa ito nakalapit ay bumubukas na ang pintuan.

Dahan-dahan nitong iniluwa ang hinihintay ng dalagita.

“A-Astrid? Friend, ikaw ba ’yan?” kunwa ay

hindi nito makapaniwalang saad.

Napangiti siya. "Baliw na 'to..." aniya habang iniaabot dito ang kamay. Tinulungan siya nitong makababa habang sinusuyod ang kabuuan niya.

"I thought matatalbugan kita, friend, even just for tonight," biro nito, "but I was wrong. Sino'ng kumumpas ng kanyang magic wand for you to become this... Wow. That's all I can say." Hinila na siya nito. "Tayo na."

"Napakaganda mo rin ngayon, Kelly Ann Santiago. Wala bang nagsabi?" pabiro niyang sabi. Saglit siyang lumingon sa driver. "Salamat, Mang Paeng."

Tumango ang matanda.

Natawa si Kelly nang may kahulugan. "Tonight is our night," bulong nito habang naglalakad na sila patungo sa karamihan ng mga kaklase nila. "See those faces, my friend? Those who turned their heads to look at us? Makikipagsayaw 'yan sa atin mamaya, I'm sure. Sana 'yong first dance natin, eh, 'yung mga love of our lives, ano?"

"Mga?"

Bumungisngis ito. "Lahat ng guwapo..."

“Kasama si Lloyd?” she teased.

“I wish…” tugon nito at kinikilig pang napatingala sa langit.

Natawa na rin si Astrid, Kelly never failed to make her happy.

Ngunit ang pagtawa niya ay naputol nang matanawan ang grupo ng mga lalaking tinutumbok ng kanilang daraanan.

Hindi sila puwedeng lumihis pa ng daan dahil tiyak na magiging kapuna-puna iyon. Ewan niya kung humigpit ang hawak niya sa braso ng kaibigan dahil napatingin ito sa kanya.

“Oh, my gosh, Astrid! He’s magnificently, dashingly handsome tonight,” kinikilig nitong saad. “At dadaan tayo sa tapat nila.”

“Shh,” saway niya dahil mayroon silang mga kasabay na karamihan ay napapalingon sa kanila at ngumingiti. Lalo na ang mga lalaki. She bent her head at itinuon sa daanan ang tingin. Subalit agad din siyang napatuwid. She realized, there was nothing to be ashamed of.

*Hmph, bakit ba ako iiwas? Eh, ano kung naroon siya?* May kausap naman ito at baka hindi nga siya

mapansin.

Subalit dalawang dipa na lang ang layo nila nang biglang lumingon ito at nakita silang paparating.

Natigilan si Jonathan nang masalubong ng tingin ang mga matang pinaglabanan niyang makita nang mga nakakaraang araw. Subalit sa mga sandaling ito ay hindi niya magawang iiwas ang paningin mula rito. His eyes surveyed Astrid's face. It was the same pretty face… yet different. He noticed the haughty, gentle profile of her face and her mesmerizing smile. Na ngayon ay ibinibigay nito sa mga kasamahan niyang nakikipagkamay rito.

From her face, his eyes traveled down to those slender arms and hands with candle-like fingers. At namalayan na lamang niya naka-extend na rin pala ang sarili niyang kamay.

Napatingin sa kanya ang para sa kanya ay pinakamagandang nilalang. Her eyes met his, habang nagtagpo ang kanilang mga kamay. Kapwa nanlalamig ang mga iyon na hindi mawari.

"A-Astrid," he said in merest breath.

"Hi."

His both palms closed tightly on her small hand.

Wala siyang nasabi o nagawa kundi ngumiti. They both smiled foolishly to each other hanggang sa may magreklamo na gusto ring makipagkamay rito.

"See you around," ani Jonathan bago binitiwan ang kamay ng babae at lingunin ang nakangiting mukha ni Kelly.

"Isn't my friend, the most beautiful lady tonight?"

"Certainly." He smiled and turned his head to have a glimpse of her again. Nang makalayo na ang mga ito, hindi niya alam kung bakit napabuntong-hininga siya nang malalim.

Na para bang kung anong bara ang naalis sa dibdib niya na hindi niya mawari. Hindi niya napansing sinasabayan na niya ang musikang pumapailanlang sa buong lugar na iyon.

Ang mga ilaw na nagtatanglaw na sa papadilim na gabi sa buong paaralan ay tila mga sumasayaw na bituin na nagniningning.

AAKYAT NA si Astrid sa stage.

Kinakabahang lumingon kung sino ang posibleng maging ka-partner niya na sasalubong sa kanya. Wala siyang permanenteng partner na sasalubong

sa kanya. Kung sino lang ang makakatapat niya sa kabilang linya. Subalit hindi sapat ang taas niya upang ito ay makita.

Kinalabit pa siya ng isang kaklase upang ipaalam na siya na ang aakyat.

Slowly, she took her step toward the carpeted stairs, unaware of the silence that seemed to fill the whole place. Napakurap siya nang makita ang isang pares ng makinang na leather shoes.

At kasabay ng pagtaas niya ng paningin ay ang pagpigil niya ng hininga. Then, she released her breath gently.

He had that enigmatic smile on his lips as he walked toward the center. Na parang sinasabing 'Naisahan din kita'. Lihim na sinagot iyon ng ngiti niya, 'Madaya ka talaga.' Kasabay ng ngiti, nagpalitan din sila ng mga hawak.

Ibinigay niya rito ang sinindihang pink na kandilang may ribbon habang inabot naman nito sa kanya ang tatlong pulang rosas. Hindi isa, katulad ng dala ng lahat.

"Ikaw talaga," bulong niya habang tinatanggap iyon.

"You're stunningly beautiful tonight. Just perfect." He held her gaze. Parang sandaling tumigil ang ikot ng mundo para kay Astrid.

His compliment was the sweetest among all that she had received that night.

Pakiramdam niya ay narinig ng lahat ang sinabi nito dahil nakakabinging palakpak ang nagpagising sa diwa niya nang hawakan ni Jonathan ang kamay niya upang ikawit sa braso nito. Lalo pang lumakas ang palakpak na pakiramdam ni Astrid ay tutunaw na sa kanya at nagpapahina sa kanyang mga buto habang bumababa sila sa gitnang bahagi ng stage.

Kahit na ang mga teachers na in-charge sa okasyong iyon ay napigil ang ingay. Habang naglalakad sila, nakangiti ang mga ito sa kanila. Nanunudyo ang mga mata.

"I'm feel so honored tonight..." saad ni Jonathan. She gazed at him. "Because my princess is with me." He smiled at her.

'My princess.' Iyon ang tawag ng daddy niya sa kanya. And it warmed her heart hearing the same endearment from Jonathan. Nagkibit-balikat lamang siya bago bumitaw sa braso nito. Nakarating na sila sa dulo ng heart-shaped formation.

Ilang sandali lamang at nagsimula na ang awit para sa rigodon dance. Ngunit bago sila maghiwalay ng landas ng lalaki, bahagya nitong pinisil ang kamay niya.

Umikut-ikot sila sa napakahahabang heart formation. Nagtatawanan sa pagkakalito sa pag-ikot at paghawak ng kamay. Hindi na halos magkakitaan ang bawat partners nang muling umikot pabalik ang sayaw.

She felt tired but happy when suddenly a firm hand caught hers. Nang tumingala siya, nasa harap na niya si Jonathan na tumatawa kahit nangingislap ang noo sa pawis.

At napatawa na rin si Astrid. Halos lahat sila ay hinihingal subalit nakangiti sa isa't isa.

Pakiramdam nila ay wala na ang kung anumang bagay na nakapagitan sa kanila.

Kinuha ni Astrid ang inaabot nitong panyo. Marahan niya itong idinampi sa noo at sa kabuuan ng mukha. But to her surprise, nang isauli niya iyon, iyon din ang ginamit nito sa sariling mukha.

Then, the music changed. A love song played. Atubiling napatingin si Astrid sa katabi nang halos ang lahat ay kusa nang gumalaw ay magpares-pares

para magsayaw.

Alam niyang hindi iyon kasama sa program, pero walang umalis sa gitna ng dance floor at kahiyaan kung tanging sila lamang ang babalik sa mesa nila.

Nang marahang abutin ni Jonathan ang kanyang kamay at ilagay sa tapat ng dibdib nito, napakurap lamang siya. Maging nang ipagsalikop nito ang mga kamay sa kanyang baywang. They were that close at hindi niya alam kung paano hihinga.

He could feel her trembling hands in his chest and her stiff body. “Relax and feel the music,” he whispered.

“This is my first dance.”

“So my guess is right. Don’t worry, madali lang naman. I’m a good instructor.” He winked at her. “Huminga ka naman. Sige ka, lalaki ang tiyan mo n’yan.”

Napatawa si Astrid sa biro nito. Makalipas pa ang ilang sandali. Ang lahat ay naging normal na. He was indeed a great instructor. He drew her close to his warm and safe embrace.

Isang yakap na tumangay sa kanya sa kawalan at para bang siya ay nakalutang.

Parang gusto na ni Astrid na pumikit at hayaang magtagpo ang namimigat na talukap ng mga mata, nang may mahuli ang sulok ng mga mata niya. Si Kelly, kayakap si Lloyd?

Napangiti siya. So nagkatotoo nga ang sinabi kanina ng kanyang kaibigan. They did have the most unforgettable night of their lives.

"Remember that I'm your first dance, Astrid. Don't forget that song playing at this moment. Magpapaalala 'yan sa 'yo ng tungkol sa akin," pabulong nitong saad.

Ewan niya kung bakit ang awit ay parang naging isang hanging padamping bumulong sa kanya.

Nang gabing iyon, paulit-ulit sa isip niya ang mga nangyari hanggang sa kanyang pagtulog. Nakangiti siyang napahiga sa kanyang kama. Puno ng kakaibang damdamin ang puso niya—nakakalito... nakakalula.

MARAHANG NAPAUPO si Astrid sa hinubad na tsinelas na ginawa niyang upuan. Matapos niyon ay inilubog niya ang dalawang paa sa puting buhanginan.

May kainitan ang buhangin at masarap sa pakiramdam.

Napatanaw siya sa malawak na karagatan na tila walang hangganan. Ang bughaw niyong kulay ay hindi maabot ng tanaw. Napakagandang tanawin na ngayon na lamang niya ulit pinagmasdan makalipas ang ilang buwan.

Payapang-payapa ang mga alon na ngayon ay hinahagisan niya ng bato.

Nasa ganoon siyang ayos nang maramdaman ang dalawang pares ng paang papalapit sa kanya. Napatingala siya at nasalubong ang isang alanganing ngiti.

"Hi. P'wede ba akong makaistorbo? Nakita kita—"

"Okay lang," tugon niya. "Hindi naman akin itong dagat." She smiled at muling itinapon ang hawak na bato sa tubig.

Ginaya rin ng lalaki ang kanyang puwesto.

"Wow, this feels like having a foot massage," mangha nitong turan matapos ilubog din ang mga paa sa buhangin. Dumampot din ito ng naaabot na bato. "Ang tagal mong hindi nagawi dito, ah."

Ibinaling nito ang tingin sa kanya.

“Paano mo naman nasabi?” balik-tanong niya.

Nagkamot ito ng ulo at tila nahihiyang napangiti. “I always look for you here...”

“Talaga lang, ah,” tugon niya. Subalit sa loob ng puso ay nakaramdam siya ng kasiyahan. “Na-miss ko nga rin ito.”

“You love watching the sunset.”

Astrid smiled and turned to gaze at him. Sasagot na sana siya nang matigilan dahil nakabaling din pala sa kanya ang lalaki. His eyes were staring at her face. Sa kanyang mata, specifically... unti-unti pababa sa kanyang bibig na dahan-dahan niyang itinikom.

She could not help blushing. Nauna siyang nagbaba ng tingin.

“Ano na nga uli ’yong sinasabi ko?” tanong ni Jonathan. Ibinalik na nito ang tanaw sa papalubog na araw. “Ah, about the sunset...” tila wala sa sarili nitong sabi.

Si Astrid naman ay nanahimik na pinaglaruan ang bato sa kamay. Hindi na niya malaman kung ano ang sasabihin at paano mag-uumpisa ng isang

usapan.

Naglalakbay ang isip niya at wala sa pinagmamasdang mala-gintong silahis ng araw na tila nais kumawala sa tubig dagat.

Nagbalik lamang ang isipan niya nang makitang ang magkasunod na batong ibinato ng lalaki bago ito muling nagsalita. “I’m glad I met you, Astrid…”

Hindi na siya lumingon dito sa takot na makasalubong na naman niya ang mainit nitong titig. “Bakit naman?”

“Sana maging kaibigan kita,” anito na ikinalingon niya. She saw the shadow of loneliness that crossed his eyes habang tuwid itong nakatanaw sa karagatan.

“Bakit hindi?”

At namalayan na lamang niyang mahigpit na nitong hawak ang kanyang kamay. “Friends.”